IDIKIT !TO SUNDIN ITONG MGA PAYO

DALAWAMPU'T PITONG (27) MGA BAGAY NA
MAKAKATULONG SAIYO PAG MAY LINDOL

Alam ng mga taga California ang pinsala at panganib na nangyayari na dulot ng lindol. Kaya kilangan tayo maghanda bago dumating itong lindol. Ang mga sumusunod ay di man makapigil ng lindol ngunit makakatulong sa pag iwas o' pagpapagaang ng kalagiman:

APAT (4) NA BAGAY NA DAPAT GAWIN HABANG LUMILINDOL

1. MUWAG MATARANTA!! Manatiling mahinahon.
2. Sa loob ng bahay o' gusali; Sumandal sa may pintuan sumilong sa ilalim nag lamesa, lumayo sa bentana o; dingding na may salamin.
3. Sa Labas Lumayo sa mga gusali, punong kahoy, linya ng telepouo o kuryente.
4. Sa Kalsada: Lumayo sa mga tulay ("overpass"/"underpass"); tumigil/sa lugar na inaakala mong di gaanong mapanganib (delicado); manatili sa loob ng sasakyan.

AMZN (6) NA BAGAY NA DAPAT GAWIN PAGKALIPAS NG LINDOL

1. Suriing mabuti kong may nasaktan - bigyan agad ng pang-unang lunas
2. Tingnan kong mayroon mga sirang tube o' linya ng gas, tubig o' sewage; Pangsamantalang, putulin o' isara ang balbula ng mga sirang linyang ito; usisain ng mabuti kung mayroon mga biyak sa loob at labas ng bahay/gusali lalo na sa <u>pondasyon</u>
3. Linisin ang mga kalat lalo na ang nakakasugat at nakaka lasong bagay
4. Magsuot ng sapatos
5. Buksan ang radyo at makinig sa mga sasabihin ng mga nakakaalam na ahensiya ng pamahalaan.
6. Huwag gamitin ang telepono maliban kung kinakailangan..

LABING APAT (14) NA MGA KAGAMITANG LAGING NAKAHANDA

1. Isang maliit na radyo at pampalit na baterya sa radyo.
2. Flashlight at pamplit na baterya, sa flashlight
3. First Aid Kit - (kahong may Biglang Panggamot)
4. Aklat ng First Aid.
5. Maliit na pamatay sunog (Fire Extinguisher)
6. Adjustable Wrench (Ipangsata ng balhula ng gaas o; tubig
7. Magyalagay sa loob ng gusali/bahay ng "smoke detector"
8. Isang hagdau na madaling mabitbit pag may sunog.
9. Imuming tubig sa bote - sapat para sa lahat na kasama sa bahay.
10. Mga dilata o' tuyong pagkain - sapat sa isang linggong kakainin ng iyong pamilya (maganak)
11. Isang "Pambukas ng Dilata" na hindi de-koriente.
12. Maliit na kalan na ang panggatong uling o' Butani na magaang dalhin. Tandaan: Bago sindihan itong kalan, suriing mabuti kung walang sumisingaw na gas sa paligid. Ang uling gatnitin lamang sa labas ng bahay Ang usok nito ay nakakalason pagnakulob sa loob ng bahay.
13. Posporo
14. Telepono ng pulisya, Fire Dept. at Doktor

3 MGA BAGAY NA KAILANGAN MALMAN

1. Kailangang malaman kung papano isara ang gaas, tubig at electricidad
2. Pangunang Lunas o "First Aid"
3. Iplano kung paano magkikita-kita ang Buong pamilaya sa eras ng kalamidad

American
Red Cross